Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pagbigay ng Tamang Panghalip na Panao

Panuto: Isulat sa patlang ang tamang panghalip na panao.

1. Ngayon lang kita nakita dito sa paaralan. Bagong mag-aaral _____ ba rito?
2. Sabi nila may bagong kamag-aral daw kami. _____ ba ang bagong kaklase namin?
3. Ang pangalan ko ay Michael. _____ ay siyam na taong gulang.
4. Ang tatay at nanay ko ay parehong guro. _____ ang nag-aalaga at nagpapaaral sa akin.
5. Ang kapatid ko na si Melody ay apat na taong gulang. _____ ay nasa *kindergarten*.
6. Ikaw at ako ay magkaklase. _____ ay mga mag-aaral ni Binibining Katrina Garcia.
7. Pumasok na sa silid-aralan sina Jim at Mica. _____ ay ating mga kamag-aral.
8. Ako, si Jim, at si Mica ay magkakaibigan. Matagal na _____ magkakilala.
9. Nakita ko na nag-usap kayo ni Lino. Magkakilala ba _____?
10. Nariyan na si Binibining Katrina Garcia. _____ ang ating guro sa *English*, *Science*, at *Math*.
11. at 12. Magaling ako magbasa at magsulat sa Filipino kaya ito ang paboritong asignatura _____. Ikaw, ano ang paboritong asignatura _____?
13. Magsisimula na ang klase. Mamaya na lang _____ mag-usap.
14. "Mga bata, may bagong kamag-aral kayo. Nais ba _____ na makilala siya?" sabi ni Binibining Garcia.
15. "Halika, Anthony. Dito ka sa harap ng klase magpakilala upang marinig _____ ng lahat."